# Gabay sa Eksibisyon

## *Engkwentro: Sa(la)ysay ng Diliman Commune*

**Tungkol sa Gabay sa Eksibisyon**

Ang gabay na ito ay idinisenyo para sa mga estudyanteng nasa kolehiyo, lalo na sa mga mag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas. Layunin ng gabay na ito na palalimin ang pag-unawa sa mahahalagang konsepto, tema, at isyu sa bawat seksyon ng eksibisyon.

Ang mga tanong na nakalahad dito ay maaaring maging gabay para sa talakayan ng klase matapos tunghayan ang birtwal na eksibisyon, o kaya naman ay bilang takdang-aralin o *homework*. Karamihan sa mga gawaing nakasaad sa gabay na ito ay idinisenyo na pag-isipan bilang indibidwal na pag-aaral, o talakayin bilang aktibidad na pang-grupo sa klase. Bukod sa malikhaing gawa, iminumungkahi ring bigyan ng pagkakataon ang mga grupo na ibahagi ang kanilang gawa sa klase.

Makatutulong ang pagbabasa ng polyeto ng eksibisyon na naglalaman ng mga tala, sanaysay, at listahan ng mga babasahin tungkol sa eksibit. Maaaring maka-download ng kopya nito sa: https://engkwentro.upd.edu.ph.

**<u>Tungkol sa UP Diliman Arts and Culture Festival 2021</u>**

Kaalinsabay ng pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Sining ngayong Pebrero 2021, ginugunita ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman ang dalawang mahahalagang engkwentro: ang ika-50 taon ng Diliman Commune at ika-500 taon ng Pagtatagpo ng Pilipinas at Espanya. Kaalinsabay rin nito ang ika-500 anibersaryo ng tagumpay ng labanan sa Mactan at ang ika-500 taon ng pagpapakilala ng Kristiyanismo sa bansa. Ang dalawang tagpo ay ginugunita sa pamamagitan ng *Engkwentro: UP Diliman Arts and Culture Festival 2021* mula sa buwan ng Pebrero hanggang Abril ng taong kasalukuyan.

Isang katangi-tanging pagkakataon na tingnan ang mga ito bilang mga bagay na nagmula sa iba't ibang sitwasyon ng pakikipag-usap o diyalogo - *conversion, negotiation, emotion, silence,* atbp. Ang paggunita sa dalawang yugto na ito sa kasaysayan ng Pilipinas ay itinuturing na mahalagang batis ng mga pag-aaral at pag-unawa sa sining at kultura ng mga Pilipino. Magkaiba man ang panahon, lunan, at konteksto, itinanghal ng mga engkwentrong ito ang panata, dedikasyon at kolektibong aksyon sa ngalan ng kalayaan ng bayan.

Gayundin, hinihikayat ang mga iskolar ng bayan na pagnilayan sa pamamagitan ng mga proyektong pansining at pangkultura ang mga pagtatagpo ng ideya at konsepto, ang palitan ng materyal at performatibong kultura, ang paglikha ng mga kolaborasyon na nagbibigay ng kritikal na perspektiba sa mga isyung pangkasaysayan at panlipunan, at ang pagsusulong ng mga talastasan ng mga mananaliksik, guro, mag-aaral, at publiko.

*Barikada Singkwenta*

Engkwentro ng pakikisangkot ang Diliman Commune noong Pebrero 1971. Sa loob ng siyam na araw, hindi matatawaran ang ipinamalas na puwersa ng mga mag-aaral ng UP Diliman, kasama ang kaguruan, kawani, at publiko, sa pagprotekta sa kampus ng unibersidad laban sa mga pulis at militar. Isang taon pagkatapos ng Sigwa ng Unang Kwarter (*First Quarter Storm*), sunod-sunod pa rin ang paglulunsad ng protesta ng mga mag-aaral, kasama ang mga drayber, laban sa pagtaas ng presyo ng gasolina, mababang sahod ng mga manggagawa, at higit sa lahat, sa ikalawang termino ni Ferdinand E. Marcos bilang pangulo. Ang protesta at barikada ay lumaganap din sa ibang mga unibersidad sa Maynila at Los Baños na pinangunahan ng mga aktibistang kabataan. Tampok ang University Avenue ng UP Diliman bilang pangunahing lugar ng barikada gamit ang mga silya at lamesa mula sa mga silid-aralan. Nagsama-sama ang mga mag-aaral bilang isang komunidad upang pigilan ang pagpasok ng mga pulis at militar sa loob ng kampus. Naging marahas ang pagtatagpong ito: binaril at namatay ang mag-aaral na si Pastor "Sonny" Mesina Jr.; gayundin, tuluyang pinasok ng militar ang mga dormitoryo sa loob

ng kampus. Iginiit ni Salvador P. Lopez, presidente ng UP mula 1969-1975, ang awtonomiya ng unibersidad. Hindi naman nagpatinag ang mga estudyanteng binansagang *communards*. Hindi rin maitatanggi ang laki ng naging papel ng University Student Council, Philippine Collegian, DZUP, at UP Press upang mapalakas ang depensa laban sa militarisasyon ng administrasyong Marcos.

*Paggunita sa ika-500 Pagtatagpo ng Katutubong Pilipino at Mananakop na Espanyol*
Magkakaugnay na *pagtatagpo* ang ginugunita ng bansa mula Marso hanggang Oktubre 2021. Ayon sa Philippine National Quincentennial Committee, tatlong makasaysayang engkwentro ang ginugunita: una, ang tagumpay ng labanan sa Mactan (27 Abril); ikalawa, ang pagiging bahagi ng Pilipinas sa unang paglibot sa mundo (mula 16 Marso hanggang 29 Oktubre); at ikatlo, ang anibersaryo ng pagpapakilala ng Kristiyanismo sa bansa. Ang paghaharap ng katutubo at mga mananakop ay nagbunga ng mga uri ng *pagtatagpo* na siyang humubog sa kolonyal na relasyon ng Pilipinas at Espanya sa loob ng 500 taon - ang pagtanggap at transpormasyon ng sining at kultura, gayundin ang paglaban sa mananakop upang ipagtanggol ang lupain at kultura ng mga katutubo. Ang mga temang ito ay nakikitang mahalagang bigyang-pansin para sa pag-unawa ng kasaysayan ng bayan sa kasalukuyang panahon.

*Layunin ng Proyekto*

1. Maipamulat sa mga kasalukuyang mag-aaral ang kahalagahan ng mga nabanggit na engkwentro o mga kuwento ng *pagtatagpo* bilang bahagi ng pagbubuo ng kasaysayan sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng sining;
2. Mapag-usapan ang kontribusyon ng mga nabanggit na pangyayari bilang mahalagang salik ng makasining at malikhaing paggawa na malay sa pakikipag-ugnayan sa pamayanan; at
3. Maisakonteksto ang aral ng mga ito bilang prosesong panlipunan na susi sa pagkakaroon ng *participative democracy*.

Ang nasabing pagdiriwang ay binubuo ng iba't ibang mga gawaing magpapamulat sa mga kasalukuyang mag-aaral. Maikikintal ang kahalagahan ng mga nabanggit na engkwentro bilang bahagi ng pagbubuo ng kasaysayan sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng sining at porma ng pakikipagtalastasan: 12 *webinars/conferences*, 4 *exhibitions*, 3 *performances*, 1 *virtual tour*, at 1 *public art*. Ang mga pagtatanghal ay maaaring mapanood sa pamamagitan ng sari-saring birtwal o *online format*.

**Mga Gabay na Tanong at Gawain**

*Introduksyon at Kasaysayan ng Diliman Commune*

1. Pag-aralan ang Introduksyon at Kasaysayan ng Diliman Commune kung saan mapapanood ang *video-documentary* na *Diliman Commune@50: Pagbabalik at Pagsulong*. Masisilayan ang koleksyon ng mga lawaran ni Nori Palarca ukol sa First Quarter Storm at Diliman Commune noong 1970-71.

   Gawaing pang-indibidwal:

   - Pagnilayan ang konsepto na *sangandaan* bilang metapora ng pagtatagpo ng personal at panlipunang kasaysayan - isang punto sa panahon na kung saan nagsanga ang direksyon at tunguhin.  Kung pagbabatayan ang *video-documentary*, paano ito nailahad sa kuwento ng mga kalahok sa Diliman Commune?
   - Sa iyong personal na buhay, naranasan mo na ba ang konsepto ng *sangandaan?* Lumikha ng isang tula o talata ukol sa iyong personal na kasaysayan, at ilapat sa isang larawan (personal man, *stock photo*, o larawang kuha ni Nori Palarca) na sa iyong palagay ay representasyon ng iyong sariling kuwento. Ang tula at larawan ay maaaring pag-usapan sa loob ng klase upang magsilbing introduksyon ng pagkakakilanlan ng mga mag-aaral at guro.

*Tagpo*

1. Daanan ang bawat araw ng Diliman Commune na nakalapat sa interaktibong mapa (https://engkwentro.upd.edu.ph/tagpo/mapa/). Sa iyong pagbabasa ng mga kaganapan sa bawat espasyo, isalarawan sa iyong isipan ang itsura at anyo ng mga ito ayon sa mga impormasyong inilahad at mga iilang larawang nakalakip. Sa pagsasamapa ng mga pangyayari sa Diliman Commune, inilalayon ng eksibisyon na hindi lamang patingkarin ang gunita sa mga ito, kundi pati na rin pagtibayin ang pagkakaugnay nito sa espasyo kung saan sila naganap. Dito matutunghayan natin na ang mga espasyo sa kampus ay mayroon ring kasaysayan na nagdidiin sa kanilang mga kahulugan at kahalagahan para sa komunidad ng UP.

   Gawaing pang-grupo o indibidwal:

   Mag-isip ng mga salitang maaaring iugnay o magsasalarawan sa mga sumusunod na espasyo sa kampus, ayon sa mga kaganapang kanilang nasaksihan noong Diliman Commune:

- University Avenue
- Palma Hall/Arts and Sciences (AS)
- Quezon Hall/Admin
- Gonzalez Hall/Silid-Aklatan
- Vinzons Hall
- Kamia at Sampaguita Residence Halls

Pumili ng isang espasyo sa mga nabanggit at maghanap ng isang imahe nito (personal man o nahanap sa Internet). Para sa mga gusali, maaaring gumamit ng imahe ng alinmang bahagi nito--sa labas o loob man ng gusali. Hindi kailangang luma ang mahahanap na larawan. Mas mainam nga na gamitin ang mga kontemporaryong larawan upang madiin ang pagkakaugnay ng mga pangyayari sa mga espasyo kung paano man nararanasan ang mga ito sa kasalukuyan.

I-print ang napiling larawan at iguhit dito ang imaheng nabuo sa isipan mula sa pagbabasa ng mga kaganapan sa espasyong iyon noong Diliman Commune. Makakatulong ang mga napag-isipang salitang maaaring iugnay at magsasalarawan sa mga espasyo sa pagguhit.

Kung mayroong magagamit na stylus, maaaring isagawa ito sa *digital* na pamamaraan gamit ang isang *photo editing application*.

*Sa(la)ysay*

1. Ang seksyon ng eksibisyon ay nag-uugnay sa *salaysay* o kuwento ng Diliman Commune gamit ang mga arkibong materyales, narasyong oral ng mga kaganapan sa siyam na araw ng Pebrero 1-9, 1971, mga potensyal na pakahulugan sa mga ito o *saysay* sa pamamagitan ng paglalahad ng dalawang tema sa bawat araw, at talata mula sa tula ni Jose Rizal na *A La Juventud* na patungkol sa kabataang Pilipino.

   <u>Gawaing pang-grupo o indibidwal:</u>
   Pumili ng *sa(la)ysay* ng isang araw sa mga kaganapan sa Diliman Commune at pag-aralan ang nilalamang teksto, imahe, arkibong materyal, at sound recording. Bigyan ng kritisismong pangsining ang napiling pahina gamit ang mga sumusunod na tanong:

   - Ano ang mga kaganapan sa mga nakatakdang araw? Kaninong pananaw ang mga salaysay na ito?

        - Bilang takdang aralin sa malikhaing pagsulat, sikaping lumikha ng isang maikling script na nagsasaad ng boses ng mga kalahok sa kuwento ng araw na napili. Gamitin ang *first person point of view* upang mabigyan ang boses ang mga personalidad na inyong napili.
    - Sa inyong palagay, ano ang kahulugan ng dalawang tema na inilapat sa salaysay ng bawat araw, gayun din ang talata mula sa *A La Juventud* ni Jose Rizal? Bilang *engkwentro* ng mga ideya, magbigay ng iba pang alternatibong tambalang ideya na maaaring ilapat sa partikular na araw ng Diliman Commune na iyong napili. Maaaring gawin ito bilang isang takdang-aralin at pag-usapan sa klase ang mga naipong alternatibong tambalang tema.

*Tugon sa Pamana*

1. Sinikap ng seksyong ito na sipiin ang mga larangan sa buhay Pilipino kung saan ang aktibismo ay naging lunsuran ng sining at mga pagbabago sa perspektibang panlipunan. Isinusulong dito ang ideya ng "*art for social transformation*" ni Prop. Alice Guillermo, kung saan lumilikha ng sining para sa mga naaapi at maralita, magpalutang ng hustisya at karapatang pantao, at magsulong ng mga pagbabago sa lipunan para sa kapakinabangan ng sambayanan. Maaaring basahin ang mga akda ni Prop. Guillermo na *Protest /Revolutionary Art in the Philippines, 1970-90*, o iba ipa niyang sanaysay ukol sa sining protesta sa Pilipinas.

   <u>Gawaing pang-grupo:</u>
   Pumili ng isang kontemporaryong isyung panlipunan upang saliksikin at pag-aralan inyong grupo.

    - Lumikha ng poster ukol dito sa pamamagitan ng pisikal o digital na paglikha. Maaari ring gumamit ng mga imahe mula sa pananaliksik o arkibong materyal, mga teksto o mensahe, atbp.
    - Sa klase, sikaping *basahin* ng sariling grupo ang likha ng iba gamit ang pamamaraang inilatag ni Prof. Alice Guillermo sa *Reading the Image: Four Planes of Analysis*: ang *basic semiotic, iconic, contextual, at evaluative*. Gawing gabay ang mga sumusunod na tanong:
        - Semiotic: Ano ang mga pisikal na katangian ng likhang sining?
        - Iconic: Ano ang mga imahe na ginamit sa likha at ano ang mga posibleng kahulugan dito?
        - Contextual: Ano ang kondisyong panlipunan ng pagkakalikha at anong mga tema ang maaaring magbigay paliwanag sa gawa?

- Evaluative: Ano ang kahulugan at kabuluhan ng likhang sining? Bigyan ng produktibong kritisismo ang linikhang poster sa konteksto ng kontemporaryong lipunan.

Matapos ang pagbasa at pag-uulat ng naatasang grupo, maaaring magpaliwanag din ang grupong lumikha ng poster ukol sa mga pagkakahalintulad at pagkakaiba ng interpretasyon ng kabilang grupo. Isa itong ehersisyo na magpapakitang maaaring iba ang pagpapakahulugan sa mga likhang sining, dahil may iba-iba ring konteksto ang lumilikha at bumabasa nito, kahit pa kabilang sila sa iisang panahon at lipunan. Gayundin, ehersisyo rin ito sa pagtanggap ng produktibong kritisismo at pakikinig sa pananaw ng ibang tao.

*enKWENTrO ni Toym Imao*

1. Malaki ang naging papel ng mga kasangkapan ng Unibersidad sa barikada ng Diliman Commune noong dekada '70. Kontrobersyal man sa iba ang pagkasira ng ilan sa mga kagamitang ito, naging mas matimbang ang nagkakaisang layunin ng mga *communards* upang ipagpatuloy ang mga panawagang tumatawid hanggang sa mga problema ng lipunan. Hanggang sa kasalukuyan ay kinikilalang simbolo ang mga mesa at silya sa pagtutol ng komunidad ng UP sa pang-araw araw na karahasang dinanas ng mga Pilipino noong panahong iyon.

   Ang kontemporaryong interpretasyon nito ni Toym Imao ay gumugunita sa naging matalik na relasyon ng mga bagay, tao, espasyo, at ang mga naratibong nabuo sa ugnayang ito. Sa iyong palagay, paano nailahad ng enKWENTrO *public art installation* ang naratibo ng nakaraan sa kasalukuyang panahon? Maaaring gamiting gabay sa pagsagot at diskusyon ang mga sumusunod na katanungan:
   - Anu-ano ang mga materyales na ginamit sa enKWENTrO, at ano ang kaugnayan ng mga ito sa barikada ng Diliman Commune?
   - Anu-ano ang mga partikular na pangyayari sa UP at sa lipunan noong 1971 na maaaring ikumpara sa mga kaganapan ngayong 2021?
   - Ano ang naging papel ng sining sa paggunita ng ika-50 anibersaryo ng barikada, at paano nito naihabi sa kasalukuyan ang mga alaala ng nakaraan?

2. Ang *upcycling* o ang paggamit muli ng mga luma o itatapon nang mga kagamitan sa paglikha ng mga bagay na may panibago at/o higit pang gamit at halaga, ay naging isang malaking salik ng enKWENTrO. Nagkaroon ng transpormasyon ang mga lumang mesa at silya mula sa iba't ibang yunit ng UP Diliman at naging mga likhang sining, na

lalo pang pinatingkad ng mas maliliit ngunit makabuluhang mga lilok at *relief* na ikinabit sa mga ito.  Sa pamamagitan ng nabuong komposisyon ay malikhain at matapang na naisalarawan ang mga kuwento ng pakikibaka noong Diliman Commune.

Ang konsepto ng paglikha sa pamamagitan ng mga *upcycled materials* ay isa sa mga importanteng puntong itinataguyod para sa mahusay na pagkonsumo ng mga produkto at kahalagahan ng *sustainability* sa mga usaping pang-ekonomiya at pangkalikasan. Ngunit liban dito, nagsisilbi rin itong sabay na espasyo at proseso upang magkaroon ang isang indibidwal ng pagkakataong balikan at makipag-ugnayan sa mga luma niyang kagamitan at mga alaalang nakakawing dito. Sa kanyang paglikha ng mga panibagong produkto, nagkakaroon rin siya ng oportunidad na gumawa ng mga sariwang gunita at pagpapakahulugan.

<u>Gawaing pang-grupo o indibidwal:</u>
Gumawa ng isang *upcycled product*. Pumili ng isang gamit sa bahay tulad ng mga lumang kahon ng sapatos, damit, sirang *appliance*, atbp. Pag-isipan kung paano bibigyan ng panibagong buhay ang napiling gamit; maaaring lumikha ng *sketches* para planuhin ito, *flowchart* ng mga hakbang na gagawin, o di kaya ay purong imahinasyon upang ilarawan ito. Maglabas rin ng iba pang materyales na kakailanganin para sa pinaplanong transpormasyon. Bakit mo napili ang kagamitang ito? Ano ang orihinal na gamit nito at mga kuwentong naaalala mo dito? Anong panibagong gamit ang nais mong likhain mula dito, at bakit?

*Barikada Singkwenta: Pagpupugay at Paggunita*

1. Bunsod ng pandemya, sa kauna-unahang pagkakataon ay inilunsad ang Engkwentro: UP Diliman Arts and Culture Festival 2021 sa pamamagitan ng magkahalong aktuwal at birtuwal na mga porma. Pinamagatang Barikada Singkwenta: Pagpupugay at Paggunita, ang paglulunsad ay ginanap sa Oblation Plaza kasama ang limitadong bilang ng mga administrador, mahahalagang panauhin, at mga artista, habang *live* na naka-brodkast sa mga *social media channels* ng UP Diliman. Sa pamamagitan nito ay nagkaroon ng espasyo at pagkakataon ang komunidad na sariwain at bigyang-pugay ang mga alaala ng Diliman Commune at mga personalidad na naging mahalagang bahagi at simbolo ng pakikibakang ito tulad ni Pastor "Sonny" Mesina Jr. Inihabi dito ang iba't ibang porma ng sining tulad ng *video*, awit, at tula na higit na nagpalalim at nagpatingkad sa programa.

Gawaing pang-indibidwal:

Panoorin ang *video record* ng paglulunsad (https://engkwentro.upd.edu.ph/barikada/). Pumili ng isa sa mga awit at tulang itinampok:

- "Unang Alay" (awit)
- "Kung Kami'y Magkakapit Bisig" (tula)
- "Paglikas" (awit)
- Sipi mula sa "Mga Bukas na Liham sa mga Artistang Pilipino" (tula)
- "Internasyunal" (awit)

Gumawa ng *reflection paper* tungkol sa napiling awit o tula at kung paano nito binibigyang-pagpapakahulugan ang pangkalahatan o di kaya'y partikular na mga bahagi ng Diliman Commune. Maaaring gamiting gabay ang mga sumusunod na katanungan:

- Bakit mo ito napili at anu-ano ang mga emosyong napukaw nito sa iyo?
- May mga linya bang partikular na umangat para sa iyo?
- Nakaapekto ba ang ayos nito sa daloy ng programa sa pangkalahatang resepsyon ng paglulunsad?
- Ano kaya ang konteksto ng awit o tula nang ito ay nilikha?
- Sa iyong palagay, ano ang mensahe ng awit o tulang napili?
- Paano maiuugnay ang mensahe nito sa mga kaganapan noong Diliman Commune? Nauukol pa rin kaya ito sa kasalukuyang panahon?

2. Panoorin ang *video documentary series* na *Mga Yugto* na batay sa mga alaala ng mga saksi at kalahok sa Diliman Commune, gayundin mula sa mga arkibong materyal:
    - Mga Putok
    - Ang Commune
    - Kung Paano Gumawa ng Babaeng Mandirigma
    - Boses ng Malayang Komunidad
    - Mga Bakas ng Pagsisimula

Maaaring gumawa ng *reflection paper* ukol sa isa sa mga *video documentary* na humahalaw ng tema at pagpapakahulugan sa Diliman Commune. Maaring gamiting gabay ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang basehan ng iyong piniling video documentary na pag-aaralan? Bakit ito mahalaga para sa kasalukuyang panahon?
- Pumili ng isa o dalawang kuwento ng mga saksi at bigyang-pansin ang kanilang mga perspektiba. Batay sa video, paano nahubog ang kanilang pananaw sa buhay?

- Bigyan ng kritisismong pansining ang *video documentary*. Paano ginamit ang imahe, tunog, musika, galaw, at teksto, upang maiparating ang mensahe at tema ng video? Ano ang kalakasan o kaya ay kakulangan ng ganitong presentasyon ng isang kaganapang pangkasaysayan?

*Pangkalahatang Disenyo ng Eksibisyon*

1. Bigyang pansin ang mga *graphics* na ginamit sa disenyo ng eksibisyon. Ang estilo ng paglalapat ng iba't-ibang larawan na nagmula sa sari-saring mga materyales, tulad ng ginawa sa disenyo ng eksibisyon, ay tinatawag na *collage*. Sa prosesong ito, ang mga kahulugan na maaaring mahinuha mula sa isang larawan ay naihahabi at nabibigyang ugnay sa mga kahulugan na maaari ring mahinuha mula sa iba pang mga larawan sa komposisyon.

   Sa ***Cut with the Dada Kitchen Knife through the Last Weimar Beer-Belly Cultural Epoch in Germany*** ni Hannah Hoch (https://smarthistory.org/hannah-hoch-cut-kitchen-knife-dada-weimar-beer-belly-germany/), sari-saring larawan mula sa mga dyaryo ang iginupit at idinikit upang mabuo ang komposisyon. Sa unang tingin, mukhang magulo ang komposisyon--na siyang maaaring isipin na isang pagsasalarawan sa politikal na kalagayan ng bansang Alemanya pagkalipas ng Unang Digmaang Pandaigdig. Ngunit kung susuriing mabuti, makikita na may organisasyon na sinunod ang may-likha sa kanyang pagbuo ng *collage*. Nakahanay sa taas-kanang bahagi nito ang mga pulitiko sa bansang Alemanya, habang nasa babang-kanan naman ang grupo ng may-likha, na tinatawag na mga Dada, na sila namang nangingilatis sa mga pinuno ng kanilang bansa. Ang mapaglarong pagdidikit ng mga ulo ng mga personalidad sa iba't-ibang uri ng katawan--tulad ng sanggol, batang babae, *gymnast*, robot, makinarya, at iba pa--ay maaring bigyang kahulugan bilang mga kritisismo o komentaryo ukol sa mga personalidad na yaon. Sa pagdagdag ng mga imahe ng industriyalisasyon, ang pagkilatis na nasa collage ay naisasakonteksto sa panahon ng patuloy na pagiging makabago ng lipunan.




Hannah Hoch

***Cut with the Dada Kitchen Knife through the Last Weimar Beer-Belly Cultural Epoch in Germany***, 1919

Collage

114 × 90 cm

Nationalgalerie, Staatliche Museen, Berlin, Germany

Sa pagsusuri ng mga *collage* na binuo ni Hoch, mapapansin ang mga politikal na kahulugan na maaaring mahinuha mula sa mga ito. Ito ay maaaring buhat ng paggamit ng mga materyales, tulad ng mga dyaryo, na nagpahayag at naglathala ng mga kaganapan sa lipunan noon.

<u>Gawaing pang-indibidwal:</u>

Suriin ngayon ang mga pinagtagpi-tagpi at pinagsama-samang mga larawan sa mga *collage* na napabilang sa eksibisyon. Ano sa tingin mo ang mga ambag ng disenyo sa kabuuang naratibo na isinasalaysay ng eksibisyon? Ito ay maaaring sagutin sa pamamagitan ng pagtugon sa mga sumusunod na tanong:

- Saan kaya nagmula ang mga larawang ginamit para sa mga *collage*?
- Ano kaya ang konteksto ng mga larawan bago sila inilapat sa *collage*?
- Ano ang mga aspeto ng mga larawan na nabigyan ng diin sa paglapat sa *collage* ng may-likha?
- Ano ang mga elementong idinagdag sa komposisyon, at ano ang ambag ng mga ito sa kabuuan ng *collage*?

- Paano nakikipag-ugnayan ang mga kahulugan ng mga larawang ipinagbigkis-bigkis sa *collage*?

2. Dahil sa simpleng proseso ng paggawa ng mga *collage*, madali lamang makabuo ng ganitong uri ng likha at maaari rin itong gawin ng karamihan. Dahil dito, maaaring masabi na ang paggawa ng *collage* at ang pagtatalaga rito sa nibel ng sining ay isang uri ng hamon sa pedestal kung saan nailagak ang konsepto ng sining, ng *artist*, at ng teknikal na kakayahan niya. Ito ay isa sa mga daluyan ng diskurso na nais ilantad ng mga *artist* na napabilang sa tinatawag na Dada, kung saan ihinahanay si Hoch.

   <u>Gawaing pang-grupo o indibidwal:</u>
   Gumawa ng sariling *collage*. Maghanap ng mga materyales na maaaring pagkuhanan ng mga larawan, tulad ng mga lumang dyaryo o magasin, at ipagsama-sama ang mga ito. Paglaruan ang posisyon ng mga napiling larawan hanggang makabuo ng iyong komposisyon. Bakit mo napili ang mga larawang ito? Ano ang relasyon ng mga elementong iyong napili sa isa't-isa? Bakit mo inilagay sa ganitong posisyon ang mga larawan sa iyong komposisyon?

   Sa panahon ng *digital*, mas napadali na ang pagkalap ng mga larawan, at mas marami na rin ang mga maaaring pagpilian. Dahil *digital* ang mga larawang ito, maaaring gumamit ng *photo editing application* upang mai-edit at maipagkabit-kabit ang mga larawang napili. Isang alternatibo sa gawain na inilahad sa nagdaang talata ang paggawa ng isang *digital collage*. Maaari itong gawin nang mag-isa, o bilang bahagi ng isang grupo sa klase.

OICA

**Tungkol sa Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UPD-OICA)**

Ang Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining ay naglalayong isulong ang Unibersidad ng Pilipinas Diliman bilang isa sa mga pangunahing sentro ng kultura, at kanlungan ng mga artistikong paggawa at pakikipag-ugnayan sa bansa. Sa pamamagitan ng pagkakaloob ng malaya, matingkad, at sari-saring espasyo at oportunidad sa mga alagad ng sining nito, natutulungang mapagyaman hindi lamang ang kani-kanilang potensyal at talento, kundi pati na rin ang kabuuang makasining at kultural na karanasan sa loob at labas ng Unibersidad.

Sa bisa ng aprubasyon ng Lupon ng mga Rehente ng Unibersidad, opisyal na naitatag ang UPD-OICA noong Marso 1999. Inatasan itong magbalangkas ng mga polisiya, patnubay, at mga programang sistematikong tumutugon sa pagpapaunlad ng sining at kultura sa UP Diliman na nakaangkla sa mga layunin at bisyon ng Unibersidad. Ito ay kinakitaan ring lumikha at kumatig ng mga ugnayang-makasining sa loob at labas ng bansa, at ng karagdagang pondo upang maipagpatuloy ang mga programa nito.

Ang Opisina ay naglalayong maitaguyod ang mga makatao at makabayang pagpapahalaga sa pamamagitan ng paglikha, at mangasiwa sa pagpapaunlad ng mga kultural na pasilidad at imprastraktura sa loob ng kampus. Tungkulin rin nitong maorganisa at masuportahan ang iba't ibang aktibidad, likhang sining, at mga pangkat sa larangan ng teatro, musika, pelikula, sining biswal, at iba pa.

Upang magampanan ang mga tungkuling ito, ang UPD-OICA ay nagkakaloob ng mga suportang pinansiyal at teknikal sa mga artista, grupo ng mga mag-aaral sa sining at pagtatanghal, at mga inisyatibo mula sa iba't ibang yunit at organisasyon sa pamamagitan ng apat na pangunahing programa nito: *Artist Support*, *Audience Development*, *Venue Development*, at *Cultural Exchange*. Bukas rin ito sa mga kolaborasyon kasama ang iba pang institusyong pangsining at kultura sa iba’t ibang proyektong tulad ng mga *workshop*, mga kumperensya, at mga pagtatanghal.

Email Address: oica.upd@up.edu.ph